*MALAY 35(2) Hunyo 2023, pp. 88–102*

# Mga Piling e-Pabula ng Caraga Bilang mga Kagamitang Awdyo-Biswal sa Pagtuturo sa Ikapitong Baitang /

# *Selected e-Fables of Caraga as Audio-Visual Instructional Materials in the Seventh Grade*

Fe S. Bermiso,[1] Janrose M. Evangelio,[2] Ariel S. Gongora[3]
Regine G. Abines, Mary Jane O. Agohot, Rydyll Mae S. Alcontin
Pamantasang Normal ng Pilipinas–Mindanao
bermiso.fs@pnu.edu.ph[1] janroevangs@gmail.com[2]
yielgongora@gmail.com[3]

Pangunahing layunin ng pananaliksik ang makabuo ng kompendiyo ng mga e-pabula gamit ang mga piling orihinal na kaalamang bayan sa rehiyon ng Caraga bilang mga kagamitang awdyo-biswal sa pagtuturo sa ikapitong baitang. Ito ay deskriptibo-debelopmental na pag-aaral na ang mga nalikhang mga e-pabula, alinsunod sa teoryang Cognitive Theory of Multimedia Learning ni Richard E. Mayer at Cognitive Load Theory ni John Sweller , ay isinalang sa balidasyon at aktuwal na paggamit ng mga ito sa pagtuturo sa mga piling mag-aaral. Natuklasan na akma ang disenyo at epektibong kagamitang pampagtuturo ang mga nabuong e-pabula matapos itong sang-ayunan ng anim na ebalweytor. Ang pagsang-ayon ng limang gurong tagamasid sa mga mag-aaral ng ikapitong baitang na kalahok sa ginawang *pilot* na paggamit ng mga e-pabula at ang naging performans ng mga kalahok sa pagtataya ay nagpapatunay na mabisang awdyo-biswal at epektibo ang sampung e-pabula bilang kagamitang pampagtuturo sa ikapitong baitang. Ang paggamit ng mga nabuong kompendiyo ng mga e-pabula ay inirerekomendang gamitin ng mga guro bilang suplemento sa kanilang pagtuturo sa ikapitong baitang sa paglinang sa mga araling pangwika at pampanitikan.

**Mga Susing Salita**: awdyo-biswal; e-pabula; kagamitang pampagtuturo; kompendiyo; kaalamang bayan

Copyright © 2023 by De La Salle University

*The main objective of the research is to create a compendium of e-fables using selected original folklore from the Caraga region as audio-visual instructional materials for the seventh grade. This is a descriptive developmental study where the created e-fables, based on Richard E. Mayer's Cognitive Theory of Multimedia Learning and John Sweller's Cognitive Load Theory, undergo validation and actual use in teaching with selected students. It was discovered that the e-fables have a suitable design and are effective instructional materials after being evaluated by six e-fable evaluators. The five teacher-observer of the seventh-grade students who participated in the pilot testing of the e-fables, as well as the performance of the participants in the assessment, demonstrate that the ten e-fables are effective audio-visual teaching materials for the seventh grade. The use of the compendium of e-fables is recommended for teachers as supplemental material in teaching language and literature lessons for the seventh grade.*

***Keywords:*** *audio-visual; compendium; e-fable; folklore; instructional materials*

## PANIMULA

*Kaligiran ng Pag-aaral*

Sa patuloy na pagbabago ng panahon, hindi maikakailang lalong humihirap ang paraan ng pagtuturo sa mga mag-aaral. Ayon kay Kriegel, "ang mga mag-aaral sa kasalukuyang henerasyon ay natututo sa iba't ibang estilo ng pagkatuto" (58). Pinatunayan ito sa modelong VARK ni Neil D. Fleming na kahihiwatigan ng mas makabago pang estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral . Ang modelong VARK ay nagpapakita na mayroong apat na pangunahing uri ng mga mag-aaral: ang Visual, Auditory, Reading and writing preference, at Kinesthetic (Hussain 33). Ang mga mag-aaral na Visual ay higit na natututo sa panonood sa mga materyal na nakaaakit sa paningin tulad ng mga tsart, diagram, grap, mapa, grapikong presentasyon, at iba pang larawan o grapikong anyo kagaya ng bidyo. Ang mga mag-aaral na Aural/Auditory ay tumutukoy sa mga mag-aaral na natututo kapag ang impormasyon ay inilalahad na kanilang naririnig. Habang ang Reading and writing na mag-aaral ay tumutukoy sa pangkat o grupo ng mga mag-aaral na natututo kapag binasa at isinulat nila sa isang papel o *board* ang kanilang nabasa. Samantalang ang mga mag-aaral na Kinesthetic naman ay tumutukoy sa mga batang natututo sa pamamagitan ng paglahok sa mga gawain sa proseso ng pag-aaral. Ang pamamaraan ng pagtuturo sa pangkat na ito ay may kasamang demonstrasyon, simulasyon, bidyo at pag-aaral ng kaso o *case study*.

Ang mga edukador sa kasalukuyang henerasyon ay napagtantong ang mga mag-aaral ngayon ay may kakayahang naiiba sa mga huling henerasyon. "Ang mga mag-aaral sa 21 na siglo ay may kakayahang mangalap ng impormasyon nang mabilis gamit ang teknolohiya at gamitin ito sa layon ng pagkatuto" (Joan 37). Kailangang umangkop sa pagbabagong ito ang mga pamaraan at kagamitang gagamitin ng guro sa kaniyang pagtuturo tulad ng *interactive software, digital imaging, audio*, at mga *tool* sa paglikha ng bidyo, kompyuter at *LCD projector*, at mga tool sa Web 2.0. Lumalabas na ang *flexible* na pagkatuto sa loob ng silid aralan ay makatutulong upang maisulong ang may kalidad na edukasyon.

Ang pangangailangan sa edukasyon ngayon ay nagbubunga ng pag-aangkop sa bagong pamamaraan ng pagtuturo at pagkatuto dahil sa banta ng COVID-19. Kasabay nito, naging isyung pang-edukasyon ang kakulangan ng mga kagamitang pampagtuturo na angkop sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral. Binigyang diin ng USAID na kinakailangan ng

mga institusyong pang-edukasyon na tugunan ang iba't ibang pangangailangan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng iba't ibang paraan ng pag-access sa impormasyon para sa onlayn na edukasyon (EducationLinks).

Tinalakay sa pagpupulong ng ASEAN Education Sector ang mga isyung pang-edukasyon na umusbong bunsod ng pandemya sa mga bansa sa Asya. Tinukoy ang mga solusyon sa pagsasaayos at pagpapatibay sa sistema ng edukasyon sa pamamagitan ng pagbago sa kurikulum na aangkop sa hihiningi ng kasalakuyang kalagayan. Ito ay upang mapagtibay ang kasanayan at kakayahan ng mga mag-aaral na maging handa sa hinaharap. Hinihikayat dito ang pagbuo at paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo na hindi lamang aangkop sa kasalukuyang mag-aaral kundi pati na rin sa bagong sistema ng edukasyon.

"Kulang ang kahandaan ng Pilipinas bilang bansang papaunlad pa lamang sa pag-angkop sa onlayn na edukasyon" (Alipio). Salungat ito sa tunguhin ng Republic Act No. 10533 § 10.3 na nanghihikayat sa pagbuo at pagpaparami ng mga kagamitang pampagtuturo upang maging handa at epektibo ang proseso ng pagkatuto at pagtuturo. Isinasaalang-alang dito ang mga bagay o gawain na maaaring magbigay ng motibasyong magkaroon ng kawilihan sa pag-aaral.

Bilang pagtugon sa kakulangan ng mga kagamitang pampagtuturo sa bansa, lalo na sa nagagamit sa bagong normal, napapanahon ang pagsagawa ng pananaliksik ukol sa debelopment at balidasyon ng mga kagamitang awdyo-biswal. Pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay makalikha ng kompendiyo ng mga e-pabula bilang mga kagamitang awdyo-biswal sa pagtuturo sa ikapitong baitang gamit ang mga orihinal na pabula mula sa piling lokalidad ng Caraga.

Upang matamo ang panlahat na mga layunin, isinakatuparan ang mga tiyak na layunin, gaya ng mga sumusunod:


1. Makapili ng sampung orihinal na pabula mula sa mga kompilasyon at pananaliksik ng mga orihinal na kaalamang bayan na umiiral sa Rehiyong Caraga na gagawing *digital* bilang mga kagamitang awdyo-biswal sa pagtuturo sa ikapitong baitang;
2. Makalikha ng mga e-pabula gamit ang mga napiling pabula;
3. Maipasuri at maipaebalweyt ang kaangkupan at pagkagamitin ng mga nalikhang e-pabula sa pagtuturo sa ikapitong baitang; at
4. Marebisa ang mga nalikhang e-pabula batay sa kinalabasan ng pagsusuri at ebalwasyon.

Ang pag-aaral na ito ay nagawa na rin ng naunang mga mananaliksik, bagaman, ang ihahanda na mga kagamitan ay naiiba sapagkat ginamit ng kasalukuyang mga mananaliksik ang mga kaalamang bayan mula sa kanilang lokalidad upang gawing isang e-pabula. "Magiging kapaki-pakinabang ang nabuong kompendiyo ng mga e-pabula sapagkat magagamit ito sa onlayn na klase" ayon kina Jaja, et al. (1229). Sa pag-aaral na ito, nakitang mapahuhusay ang pag-aaral gamit ang mga kagamitang awdyo-biswal at magiging isang mabisang kagamitang pang-edukasyon.

Ang mga nabuong e-pabula ay mula sa piling lokalidad ng Caraga. Ito ay may katangiang makaengganyo at makapagkintal hindi lamang ng mga aral sa mga mambabasa kundi pati na rin ng mga kultural na implikasyon mula rito. Ito ay tiyak na magdudulot sa mambabasa ng mas makabuluhang pagkatuto. Napatunayan sa pananaliksik nina Jaja, et al. na "ang mga poklor ay isa sa mga materyal na maaaring gamitin sa pagtuturo ng edukasyon sa pagpapakatao at lokal na karunungan" (1219). Bunsod nito, nakita na ang mga pabula, mula sa piling lokalidad ng Caraga, ay angkop gawing digital upang magamit sa pagkaklaseng onlayn.

Ito ay magbibigay-boses at buhay sa mga nakatagong orihinal na pabula sa mga piling lokalidad ng Caraga. Naniniwala ang mga mananaliksik na magiging simbolo ito ng yamang taglay ng Folklorikong Filipino, kaya naman, binigyang pagpapahalaga rin sa pag-aaral ang paglakip sa mga bersiyon ng mga nakalap na pabula na nakasulat sa orihinal nitong wika katulad ng Cebuano, Higaonon, Kamayo, Manobo, at Talacognon. Ang tunguhing ito ay magbibigay-daan hindi lamang sa pagtatala ng mga oral na panitikan kundi upang mapayaman din ang mga panitikang maaaring magamit ng mga guro sa pagtuturo ng *mother-tongue*. Naging inspirasyon ng mga mananaliksik ang gayong mga layunin kaya ipinanganak ang ideya ng paglikha ng isang kagamitang panturong makapagdaragdag pa ng kulay at buhay para sa mas masaya at makabuluhang pagtuturo ng akda at makatugon sa kakulangan ng mga kagamitan sa kasalukuyang yugto ng pagtuturo.

**Konseptuwal na Balangkas ng Pag-aaral**




Pigura 1. *Konseptuwal na Balangkas ng Pag-aaral*

Nakaangkla ang pananaliksik na ito sa Cognitive Theory of Multimedia Learning ni Richard E. Mayer at Cognitive Load Theory ni John Sweller. Ang mga teoryang ito ang naging batayan sa pagdedebelop ng mga e-pabula bilang awdyo-biswal na kagamitang pampagtuturo para sa mga mag-aaral ng ikapitong baitang.

Ang Cognitive Theory of Multimedia Learning ni Richard E. Mayer ay batay sa tatlong pangunahing palagay: Una, mayroong dalawang magkahiwalay na mga tsanel (Awdyo at Biswal) sa pagproseso ng impormasyon; ikalawa, may limitadong kapasidad ang bawat tsanel (katulad ng paniniwala ni Sweller sa Cognitive Load); at ikatlo, ang pagkatuto ay isang aktibong proseso ng pag-filter, pagpili, pag-organisa, at pagsamahin ang impormasyon batay sa mga dating kaalaman.

Ang pangunahing prinsipyo ng Cognitive Theory of Multimedia Learning ay nagsasaad na mas natututo ang tao mula sa mga salita at larawan kaysa mga salita

lamang (Mayer). Kung saan, ang Multimedia Learning ay batay sa ideya na dapat ang mga instruksiyonal na kagamitan ay idisenyo batay sa kung papaano gumagana ang isip ng tao.

Umiikot ang Multimedia Learning sa siyam na mga prinsipyo. Una, *multimedia principle* na nagsasaad na ang mga mag-aaral ay higit na natututo sa pamamagitan ng mga salita at mga larawan kompara sa mga salita o mga larawan lamang. Ikalawa, *spatial contiguity principle* na nagsasaad na ang mga mag-aaral ay higit na natututo kapag ang kaukulang mga salita at larawan ay ipinakita malapit sa isa't isa sa loob ng pahina o *screen* kaysa kung ito'y malayo sa isa't isa. Ikatlo, *temporal contiguity principle* na nagsasaad na ang mga mag-aaral ay higit na natututo kapag ang kaukulang mga salita at larawan ay ipinakita nang sabay-sabay sa halip na sunud-sunod. Ikaapat, *coherence principle* na nagsasaad na ang mga mag-aaral ay higit na natututo kung hindi isinasali ang mga *extraneous* na mga materyal na tutumutukoy sa mga bagay na hindi nakatutulong sa proseso ng pagkatuto. Ikalima, *modality principle* na nagsasaad na ang mga mag-aaral ay higit na natututo mula sa animasyon at pagsasalaysay kaysa animasyon at *on-screen* na mga text. Ikaanim, *redundancy principle* na nagsasaad na ang mga mag-aaral ay higit na natututo mula sa animasyon at pagsasalaysay kaysa animasyon, pagsasalaysay, at on-screen na mga text. Ikapito, *pre-training principle* na nagsasaad na ang mga mag-aaral ay higit na natututo kapag ang pagsasanay ay nauuna kaysa bago ang mga mensahe. Ikawalo, *signaling principle* na nagsasaad na higit na natututo ang mga mag-aaral kapag gumagamit ng mga senyas o *cues* ang pagsasanay sa halip na hindi. Ikasiyam, *personalization principle* na nagsasaad na ang mga mag-aaral ay higit na natututo kapag ang mga salita ay ipinakita sa kombersasyonal na estilo kaysa pormal na estilo. Sa siyam na mga prinsipyong ito ni Mayer, pito ang sinunod sa paglikha ng mga e-pabula.

Samantala, isinaalang-alang din sa paglikha ng mga e-pabula ang Cognitive Load Theory ni John Sweller na nagpapaliwanag sa proseso ng impormasyon na iminungkahi na ang memorya ay mayroong mga bahagi: Una, *sensory memory* na responsable sa pagkolekta ng impormasyon mula sa kapaligiran. Ikalawa, *working memory* na may limitadong kapasidad na pumipili ng impormasyon mula sa sensory memory para sa pansamantalang pag-iimbak at pagproseso. Ikatlo, *long-term memory* na hindi limitado ang kapasidad kung saan ang pinoprosesong impormasyon mula sa working memory ay naiimbak.

Batay sa modelong ito ng proseso ng impormasyon, ang Cognitive Load Theory ay nagmungkahi na anumang karanasan sa pagkatuto ay may tatlong bahagi: Una, *intrinsic load* na nauugnay sa kahirapan ng paksa. Ikalawa, *germane load* na nauugnay sa antas ng aktibidad na kinakailangan upang maabot ang nais na kalabasan ng pagkatuto. Ikatlo, *extraneous load* na nauugnay sa mga bagay at kognitibong pagsisikap na hindi makatutulong sa mag-aaral patungo sa nais na kinalabasan ng pag-aaral.

Sa kabuuan, ang Cognitive Theory of Multimedia Learning ay nabuo batay sa Cognitive Load Theory. Ang dalawang teoryang ito ay nagkaisa na ang epektibong karanasan sa pagkatuto ay kinakailangang bawasan ang labis na Extraneous Cognitive Load, i-optimize ang Germane Cognitive Load, at pamahalaan ang Intrinsic Cognitive Load. Mula rin sa dalawang teoryang ito, ang sumusunod na apat na epektibong pamamaraan sa pagbuo ng awdyo-biswal na mga kagamitang pampagtuturo ay isaalang-alang ang: Una, *signaling* o *cueing*, o ang paggamit ng *on-screen* na text o mga simbolo upang mabigyang diin ang mahalagang impormasyon. Ikalawa, *segmenting* na tumutukoy sa *chunking* o pagputol sa iba't ibang bahagi ng impormasyon sa isang aralin sa bidyo. Ikatlo, *weeding* na tumutukoy sa eliminasyon ng kawili-wili ngunit labis na impormasyon na hindi nag-aambag sa layunin ng pag-aaral. Ikaapat, *matching modality* na tumutukoy sa pag-maximize ng mga aralin sa bidyo sa pamamagitan ng paggamit ng parehong audio/verbal na mga tsanel at ang visual/pictorial na mga tsanel upang makapaghatid ng bagong impormasyon, ganoon din ang paglalagay ng partikular na uri ng impormasyon sa pinakaangkop na tsanel.

Ang apat na rekomendasyong nabanggit ay susundin sa pagbuo ng mga awdyo-biswal na kagamitang pampagtuturo. Gayunman, hindi kabilang sa mga susundin sa kasalukuyang pag-aaral ang segmenting sapagkat ang haba ng mga e-pabulang dinebelop ay anim at tatlumpong minuto lamang na maximum na oras para sa isang aralin at hindi na kinakailangang putulin sa iba't ibang bahagi.

Ang mga nabanggit na mga teorya at mga konsepto ay mabubuod sa tatlong elemento sa pagdisenyo at implementasyon ng mga bidyo bilang epektibong kagamitang pampagtuturo. "Una, cognitive load;

ikalawa, pakikilahok ng mga mag-aaral (student engagement); at ikatlo, aktibong pagkatuto (active learning)" batay kay Brame (1). Ang mga ito ay may malaking bahaging ginampanan upang maisagawa ang pag-aaral na ito. Sapagkat, ginamit ang mga konseptong nabanggit sa paglikha ng mga e-pabula na siyang pangunahing produkto ng kasalukuyang pag-aaral.

## METODOLOHIYA

*Disenyo ng Pag-aaral*

Ang pananaliksik na ito ay isang deskriptibo-debelopmental na pag-aaral na naglalayong makapagdebelop at makapagpasuri ng sampung e-pabula mula sa piling pabula sa rehiyon ng Caraga bilang mga kagamitang awdyo-biswal sa pagtuturo sa ikapitong baitang. "Ang deskriptibong pananaliksik ay isang paglalarawan sa tiyak na paksa, pagtitiyak sa pananaw tungo sa isang tatak o produkto, pagsusuri sa bahagi ng isang populasyon, pagtukoy sa antas ng isang baryabol, at pagbibigay interpretasyon sa kasalukuyang kalikasan o proseso" (McCombes).

Pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay makalikha ng kompendiyo ng mga e-pabula bilang mga kagamitang awdyo-biswal sa pagtuturo sa ikapitong baitang gamit ang mga orihinal na pabula mula sa piling lokalidad ng Caraga.

Ang mga tiyak na layunin ng pag-aaral ay ang mga sumusunod:

1. Makapili ng sampung orihinal na pabula na umiiral sa Rehiyong Caraga na gagawing digital bilang mga kagamitang awdyo-biswal sa pagtuturo sa ikapitong baitang;
2. Makalikha ng mga e-pabula gamit ang mga napiling pabula;
3. Maipasuri at maipaebalweyt ang kaangkupan at pagkagamitin ng mga nalikhang e-pabula sa pagtuturo sa ikapitong baitang; at
4. Marebisa ang mga nalikhang e-pabula batay sa kinalabasan ng pagsusuri at ebalwasyon.

Gumamit ng *convenient sampling* na pamaraan sa pagpili ng sampol para sa pananaliksik. Ang mga pabula ay pinili mula sa produkto ng mga nauna nang pananaliksik sa mga orihinal na akda o kaalamang bayan ng Caraga, pinili ng mga mananaliksik ang sampung pabula batay sa mga sumusunod na kraytirya: (1) may mga tauhang hayop na kumikilos at nagsasalita na parang tao; (2) may tagpuan; (3) may malinaw na banghay; (4) makikitaan ng tunggalian; at (5) makikitaan ng mahahalagang kaisipan, implikasyong kultural, at mga aral.

Convenient sampling naman ang ginamit sa pagpili ng mga propesyonal na guro sa Filipino batay sa kraytirya na: (a) propesyonal na Guro na medyor sa Filipino, (b) nagtuturo ng panitikan sa ikapitong baitang, (c) nagtuturo sa paaralan sa loob ng rehiyon ng Caraga, at (d) may limang taon o higit na karanasan sa pagtuturo ng Filipino. Ang nakalatag na kraytirya ay kaugnay ng pangangailangang ang ebalweytor o tagapagsuri ng gagawing ebalwasyon at pagsusuri sa kaangkupan at pagkagamitin ng mga e-pabula bilang mga kagamitang awdyo-biswal sa pagtuturo sa ikapitong baitang ay kailangang may taglay na kaalaman sa panitikan lalo na sa pabula, at may kaalaman sa mga katangian ng epektibong instruksiyonal na kagamitan.

Ang limang gurong tagamasid naman sa bawat klaseng isinagawa ng mga mananaliksik ay pinili ayon sa kraytiryang sila ay nagtuturo ng asignaturang Filipino sa ikapitong baitang at sa mga paaralang nasa loob ng rehiyon ng Caraga. Samantala, ang mga mag-aaral na naging kalahok sa pilot na paggamit ng mga e-pabula ay nagmula sa ikapitong baitang ng Del Monte National High School. Napili ang nasabing paaralan dahil onlayn ang isa sa mga ginagamit nilang paraan sa klase na angkop sa paraang ginamit ng mga mananaliksik para sa *pilot testing.* Mula sa ibinigay ng gurong tagapayo sa ikapitong baitang na listahan ng kaniyang mga mag-aaral na nakapapasok sa kanilang onlayn na klase ay dalawampu't limang mag-aaral lamang ang kinontak ng mga mananaliksik.

Pagkatapos mapili ang sampung pabula, ay bumuo na ng mga e-pabula ang mga mananaliksik salig sa mga teorya ukol sa epektibong instruksiyonal na kagamitan ni Tomlinson, teoryang Cognitive Theory of Multimedia Learning ni Richard E. Mayer, at Cognitive Load Theory ni John Sweller. Umalinsunod ang bawat e-pabula sa inihandang iskrip na nagtataglay ng mga sumusunod na bahagi: introduksiyon (bahagi na nagpapakilala ang tagapagsalaysay at pagbibigay ng pambungad na katanungan ukol sa paksang tatalakayin); paglalahad ng layunin (paglalahad ng tagapagsalaysay ng mga layuning pampagkatutong inaasahang makamit sa pamamagitan ng e-pabula batay sa kurikulum ng

DepEd, partikular ang mga kasanayang pampagkatuto sa pagtuturo ng paksang pabula sa ikapitong baitang na nasa K to 12 gabay pangkurikulum sa Filipino at Most Essential Learning Competencies (MELCS); pagtalakay ng paksa (pagbibigay ng tagapagsalaysay ng maikling impormasyon tungkol sa pabula at mga konseptong may kaugnayan sa mga layuning inaasahang matamo); panonood ng pabula (pagsasalaysay sa kuwento ng pabula); pagninilay/paglalahat/pagsasanay (pagtatanong ng tagapagsalaysay sa mga mag-aaral tungkol sa napanood na pabula upang masukat kung talagang naunawaan ang napanood); pagpapahalaga at kultural na implikasyon (pagsasaad ng tagapagsalaysay ng mahahalagang aral na matututuhan ng mga mag-aaral mula sa pabula); sanggunian (pagpapakita ng mga sanggunian na ginamit sa akda, konsepto, larawan, at mga *video clip* sa pagbuo ng iskrip); at ang panghuli ay ang sipi ng akda at profayl ng impormante (inilagay sa bahaging ito ang orihinal at salin sa Filipino ng akdang ginamit at ang profayl ng impormante na siyang nagsalaysay ng akda).

Ang mga bahaging ginamit sa pagbuo ng iskrip ng mga e-pabula ay umalinsunod sa pinasimpleng disenyo ng 4A's na banghay-aralin. Sadyang isinagawa ang pagpapasimple ng disenyo dahil umalinsunod ito sa teoryang cognitive load ni Sweller na nagsasaad na isa sa pinakamahahalagang patnubay para sa pagpapanatili ng atensiyon ng mag-aaral sa pang-edukasyon na mga bidyo ay gawin itong maikli. Ang mga bahaging ginamit sa pagbuo ng mga e-pabula ay ibinatay sa mga bahagi ng isang banghay-aralin ngunit ang disenyo ng mga mananaliksik ay pinasimple at ang mga pangunahing bahagi lamang sa isang talakayan ang isinama. Isa sa mga dahilan kung bakit pinasimple lamang ang mga bahaging ipapaloob sa iskrip ay dahil limitado lamang ang haba ng oras ng isang e-pabula batay na rin sa sinunod na pamantayan ng kasalukuyang pag-aaral.

Inilagay sa *Google drive* ang mga nabuong mga e-pabula, at ipinadala na sa mga napiling ebalweytor ang link nito kaalinsabay ang *Google form* ng talatanungan para sa mga ebalweytor. Ang talatanungan para sa ebalwasyon ng sampung e-pabulang nilikha ay tumataya sa katangian ng epektibong kagamitang pampagtuturo batay sa Cognitive Theory of Multimedia Learning ni Richard E. Mayer at Cognitive Load Theory ni John Sweller.

Natapos ang pagtataya ng mga ebalweyor sa loob ng 2–4 na linggo. Nirebisa ng mga mananaliksik ang mga e-pabula batay sa mga puna at suhestiyon ng mga tagapagsuri bago ito ginamit sa aktuwal na pagtuturo bilang *field testing* nito.

## PAGTALAKAY SA RESULTA NG PAG-AARAL

### *Ang mga Akdang Nilikhang e-Pabula*

Batay sa mga naging batayan sa pagpili ng pabula, nakapili ang mga mananaliksik ng sampung pabula mula sa rehiyong Caraga. Ang mga pabulang napili ang ginamit na lundayan sa pagtatamo ng mga layunin ng binuo mula sa mga kasanayang pampagkatuto sa pagtuturo ng paksang pabula sa mga mag-aaral sa ikapitong baitang. Nasa Talahanayan 1 sa kasunod na pahina ang mga datos nito.

**Talahanayan 1.** Mga akdang ginawang e-pabula at mga layuning pampagkatutong inaasahang matamo

| Pamagat | Implikasyong Kultural | Pinagmulan | Mga Layuning Pampagkatuto |
|---|---|---|---|
| Ang Kalabaw at ang Pagong<br>*Ang Kabao ug ang Bao (Kamayo)* | Ang pangunahing kabuhayan sa Caraga ay pagsasaka. Ito ang nasasalamin sa walang kapagurang pagsisilbi ng kalabaw bilang pantulong sa pag-aararo at pagsasaka. | Isang Pabula ng Salvacion, San Agustine, Surigao del Sur<br>(Sa pagsasalaysay ni Bb. Luciabeth Trimidal) | Nakasasagot sa mga katanungan ng guro tungkol sa pabula.<br><br>Nakapagpapahayag ng sariling saloobin hinggil sa aral ng pabulang napanood. |
| Ang Uwak na Mandaragit<br>*Ang Uwak nga Manunukob (Cebuano)* | Ang pagsunod sa magulang ay mahalaga para makaiwas sa anumang kapahamakan. Ito ang masasabing isa sa maipagmamalaking kultura ng mga Pilipino | Isang pabula ng Del Monte, Talacagon, Agusan del Sur<br>(Sa pagsasalaysay ni G. Paulino Samoranos) | Natutukoy ang mga salitang nagpapahayag ng posibilidad na maging sanhi o bunga ng pangyayari sa pabulang napanood.<br><br>Nagagamit ang mga ekspresyong naghahayag ng posibilidad. |
| Si Alitaptap at si Ahas<br>*Si Aniniput ug si Halas (Cebuano)* | Bahagi ng kultura ng Caraga ang pagmimina/ “pamimiling” o small scale mining. Ang ginto rin ang karaniwang ginagamit sa barter noong unang panahon lalo na sa lalawigan ng Agusan del Sur | Isang Pabula ng San Rafael, Prosperidad, Agusan del Sur<br>(Sa pagsasalaysay ni Gng. Virginia Gongora) | Nakapaglalahad ng sariling kahulugan ng pabula.<br><br>Nakabubuo ng buod tungkol sa pabulang napanood. |
| Si Gaga, Didi, at ang Pagong<br>*Si Gaga, Didi ug ang Bao (Cebuano)* | Ang kagandahan ng pagpapatawad ay bahagi na ng kulturang Caraganon at ng Pilipinas sa pangkalahatan. Isinisilsil ito sa isipan ng kabataan sa tahanan, sa simbahan o sa paaralan man. Ito rin marahil ang matibay na bigkis sa magkakapamilyang nanatiling buo sa gitna ng maraming sigalot dahil handang magpatawad sa kahinaan ng kapuwa. | Isang pabula mula sa Lungsod ng Bayugan, Agusan del Sur<br>(Sa pagsasalaysay ni Gng. Jenny A. Jalandoni) | Naipaliliwanag ang sanhi at bunga ng mga pangyayari.<br><br>Nakapaglalahad ng sariling pananaw at paninindigan. |
| Si Kalabaw at si Tabon<br>*Si Kabaw hasta si Antalabon (Talacognon)* | Ipinakita rito ang pagkapalakaibigan ng mga Caraganon at ng mga Pilipino sa kalahatan. Ang pagkakaiba ay hindi hadlang sa pagkakaibigan gaya ng pagkakaiba ng Kalabaw at ng Tabon. | Isang pabula ng Talacogon, Agusan del Sur<br>(Sa pagsasalaysay ni G. Jay A. Coquilla) | Nakapagbibigay ng haka tungkol sa susunod na pangyayari sa pabulang napanood.<br><br>Natutukoy at naipaliliwanag ang mahalagang kaisipan sa pabula. |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Si Pusa at si Buwaya<br>*Si Piya ug si Buaya*<br>*(Kamayo)* | Ang pagkamatulungin at pagtanaw ng utang na loob ay bahagi na ng kulturang Pilipino na kadalasang ipinakikita sa simpleng taos-pusong pagpapasalamat at pagbibigayan. | Isang pabula ng Portlamon, Hinatuan, Surigao del Sur<br>(Sa pagsasalaysay ni G. Francisco T. Tacsanan) | Nabibigyang kahulugan ang napanood at napakinggan.<br><br>Natutukoy ang kinalabasan ng mga pangyayari sa pabula. |
| Si Aso at si Pagong<br>*May Dede daw Baohay*<br>*(Manobo)* | Ipinakita rito ang pagiging maparaan na isa sa mga namumukod na katangian ng mga Pilipino lalo na sa pagharap sa mga pagsubok sa buhay. | Isang pabula ng Santiago, Agusan del Norte<br>(Sa pagsasalaysay ni G. Malalas Antonino Palay) | Naibabahagi ang sariling pananaw at saloobin sa pagiging karapat-dapat/di karapat-dapat na paggamit ng mga hayop bilang mga tauhan sa pabula.<br><br>Naipahahayag nang pasulat ang damdamin at saloobin tungkol sa paggamit ng mga hayop bilang mga tauhang nagsasalita at kumikilos na parang tao o *vice versa.* |
| Si Unggoy, Pagong, Langgam, Buwaya, at Katang<br>*Se amo-ay, Ba- ohay, Tambubulatok, Buwaya, Kayumang*<br>*(Higaonon)* | Gagawin ng sino mang magulang ang lahat alang-alang sa kabutihan ng kanilang mga anak. Ito ang kapansin-pansin na kulturang Pilipino na mababanaag sa akda. | Isang pabula mula sa San Francisco, Agusan del Sur<br>(Sa pagsasalaysay ni Gng. Mekaila Gumanyao Echinique) | Nailalarawan ang isang kakilala na may pagkakatulad sa karakter ng isang tauhan sa napanood na pabula.<br><br>Naiuugnay ang mga pangyayari sa pabulang napanood sa tunay na buhay. |
| Ang Aso at ang Daga<br>*Ang Iro ug ang Ilaga*<br>*(Cebuano)* | Likas sa kulturang Pilipino ang pagpapahalaga sa pagkakaibigan at ang pagtanaw ng utang na loob gaya ng ginawa ng daga sa asong minsan ay nagtiwala sa kaniya. | Isang Pabula ng Sibagat, Agusan del Sur<br>(Sa pagsasalaysay ni Gng. Cecille E. Latras) | Nahihinuha ang mahahalagang bahagi/elemento ng pabula.<br><br>Naisasalaysay ang kahalagahan ng pabula sa buhay ng tao. |
| Si Janitor Fish at ang Ibang Isda<br>*Si Janitor Fish ug ang Ubang isda*<br>*(Cebuano)* | Malinaw ang malapit na ugnayan ng mga Caraganon sa kalikasan na nagbunsod sa kanilang pangangalaga rito na bahagi na ng kanilang pang-araw-araw na gawain. | Isang Pabula ng Trento, Agusan del Sur<br>(Sa pagsasalaysay ni Bb. Nova Mae Panong) | Natutukoy ang mga salitang naglalarawan sa pabulang napanood.<br><br>Napatutunayang nagbabago ang kahulugan ng mga salitang naglalarawan batay sa ginamit na panlapi. |

Pito  sa mga pabula ay nakalap mula sa lalawigan ng Agusan del Sur, partikular sa lungsod ng Bayugan, at sa mga bayan ng Prosperidad, San Francisco, Sibagat, Talacogon, at Trento. Habang dalawa  ang mula sa Surigao del Sur, partikular sa mga bayan ng Hinatuan at San Agustin. Samantala, isa ang nakalap mula sa Agusan del Norte, partikular sa bayan ng Santiago. Ang lahat ng mga pabulang ito ay mga orihinal na akda mula sa wikang Cebuano, Higaonon, Kamayo, Manobo, at Talacognon. Ang mga pabulang napili ay sinuri upang maging angkop sa mga layuning binuo na ibinatay naman ng mga mananaliksik sa kurikulum ng DepEd. Nalimi mula sa mga pabula ang mga implikasyong kultural na nakapaloob sa mga napiling pabula gaya ng nasa sinundang talahanayan.

*Sinopsis ng  mga e-Pabula*

Mula sa mga nakalap na pabula ay napili ang sampung akda na angkop sa kraytiryang inilatag ng mga mananaliksik. Ang mga napiling pabula na nakasalin na sa wikang Filipino ay kakikitaan ng malinaw at angkop na tauhan, tagpuan, banghay, tunggalian, at mahahalagang kaisipan, implikasyong kultural, at mga aral. Ang sumusunod ay ang mga sinopsis ng sampung pabulang ginawang elektroniko:

*Ang Kalabaw at ang Pagong*

Ang kuwento ay tungkol sa paligsahan ng pagong at kalabaw dahil sa pagkutya ng kalabaw sa mabagal na paglalakad ng pagong. Ang matatalo sa paligsahan ay magiging alipin ng manalo habangbuhay. Nagamit ng pagong ang katalinuhan upang manalo at magsilbing alipin niya ang kalabaw sa pamamagitan ng maghapong pagtatrabaho sa bukid.

*Ang Uwak na Mandaragit*

Sa kuwento, iniuutos ng inahing tuko sa kaniyang anak na huwag lumabas upang hindi mahuli ng uwak. Subalit lumabas ang bunsong tuko at nasikop ng uwak, na nauwi sa kaniyang kamatayan. Dahil dito, ang inang tuko ay patuloy na umiiyak habang naghihintay ang uwak ng susunod na biktima.

*Si Alitaptap at si Ahas*

Ang kuwento ay tungkol sa isang ahas na nagbabantay ng ginto sa ilog at isang alitaptap na nagnanais kunin ito. Iinalok ng alitaptap ang mas malakas na ilaw kapalit ng ginto, kaya pumayag ang

*Si Aso at si Pagong*

Sa kuwento, nagkasundo ang aso at pagong na magpaligsahan. Bago ang paligsahan, umuwi si Pagong para humingi ng tulong upang manalo. Dumating ang aso sa ikaapat na bundok ngunit sa pagmamadali, nadulas at nahulog sa bangin, kaya siya ay namatay. Pagkatapos ng trahedya, nasabi na lang ni Pagong sa sarili na ito ang paraan niya para manalo.

*Si Unggoy, Pagong, Langgam, Buwaya, at Katang*

Sa pagnanais na makahanap ng pagkain, iniwan ni Unggoy ang kaniyang anak kay Pagong. Sa hindi inaasahang trahedya, namatay ang anak ni Unggoy. Sinisi ni  Unggoy si Pagong, pero nagpaliwanag ito at napunta ang sisi kay Langgam, saka kay Buwaya, at kay Katang. Sa huli napatunayan na ang may kasalanan ay si Unggoy mismo. Ang trahedya ang bumago sa kaniya at nagdala ng mga bagong kaibigan.

*Ang Aso at ang Daga*

Tinulungan ng daga ang aso sa pagbabantay sa bahay ng kaniyang panginoong si Mang Kanor. Hindi inaasahang nagalit si Mang Kanor nang maubos ang pagkain at inakalang ang aso ang kumain. Ikinulong niya ang aso. Sa utang na loob, tinulungan ng daga na iligtas ang aso mula sa pagkakulong.

*Si Janitor Fish at ang Ibang Isda*

Si Janny (Janitorfish) ay isang masipag na isda na nagpapanatili ng kalinisan ng dagat. Binalewala ng ibang isda si Janny at napilitan itong lumayo. Dahil sa pagkawala ni Janny, naging marumi ang dagat at nagkasakit ang mga isda. Nang maalala nila ang kasipagan ni Janny, nagsisi sila at nagtulungan upang hanapin siya at ibalik ang sigla ng paligid.

*Ang mga e-Pabula bilang Kagamitang Pampagtuturo*

Gamit ang talatanungan na may sampung aytem: (1) pagiging tunay o awtentiko, (2) kalinawan, (3) Panloob na kahalagahan, (4) pagkagamitin, (5) kaangkupan, (6) kaugnayan, (7) orihinalidad, (8) kaluguran, (9) may impak, at (10) may bunga, sinuri ng mga ebalweytor ang sampung e-pabula. Ang natamong *weighted mean* ng bawat aytem ay binigyang interpretasyon gamit ang batayan ng interpretasyon na: 4.50–5.00 (lubos na sumasang-ayon), 3.50–4.49 (sangayon), 2.50-3.49

(hindi gaanong sumsang-ayon), 1.50-2.49 (hindi sang ayon), at 1.00-1.49 (lubos na hindi sumasang-ayon).

Nagtamo ng weighted mean na 4.79 ang sampung e-pabula sa pagiging tunay nito. Ito ay nangangahulugan na ang mga ebalweytor ay **lubos na sumasang-ayon** sa pagiging awtentiko ng mga e-pabula na pinatotohanan naman sa komento ng mga ebalweytor sa e-pabulang "Si Unggoy, Pagong, Langgam, Buwaya, at Katang" na "bagong-bago ang pabulang ginamit" at "maganda ang kuwentong ibinahagi" para sa e-pabulang Si Kalabaw at si Tabon. Ang aytem 2 ay 4.7 ang natamong weighted mean na nangangahulugang **lubos na sumasang-ayon** ang mga ebalweytor na ang mga e-pabula ay malinaw at madaling maintindihan. Patunay rito ang komentong ibinigay ng isang ebalweytor sa e-pabulang "Si Aso at si Pagong" na "ang transisyon at *story mapping* ay masining at makulay" at "malinaw ang pagkakasalaysay ng mga kuwento" para sa iba pang e-pabula. **Lubos na sumasang-ayon** din ang ipinakahulugan sa natamong weighted mean ng 10 e-pabula na 4.59 sa panloob na kahalagahan (aytem 3); 4.69 sa pagkagamitin (aytem 4); 4.79 sa kaangkupan (aytem 5) na napatutunayan sa komentong natanggap ng e-pabulang "Si Unggoy, Pagong, Langgam, Buwaya, at Katang" na "pasok na pasok ang pabula sa aralin para sa ikapitong baitang," naging mungkahi naman ng isang ebalweytor ang pagkakaroon ng gabay ng guro sa mga mag-aaral upang maiwasan ang maling interpretasyon ng mga aral sa e-pabula katulad ng e-pabulang "Si Aso at si Pagong"; at 4.76 para sa pagkakaroon nito ng kaugnayan sa bagong kadawyan na pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral (aytem 6) na naging malinaw sa komentong "maiuugnay sa kasalukuyan ang aral ng e-pabulang "Ang Aso at ang Daga""; 4.69 sa kaluguran (aytem 8); 4.59 para sa impak (aytem 9); at 4.76 para aytem ukol sa pagkakaroon ng bunga na makatutulong sa proseso ng pagtuturo at paglinang ng kasanayan ng guro sa pagtuturo (aytem 10). Samantala, nagtamo ng weighted mean na 4.49 o **sumasang-ayon** ang mga ebalweytor sa orihinalidad (aytem 7) ng mga e-pabula.

Ang kabuuang *mean* na 4.69 ng sampung mga e-pabula, ay nangangahulugan na **lubos na sumasang-ayon** ang mga ebalweytor na ang mga nalikhang mga e-pabula ay nagtataglay ng katangian ng isang kaaya-aya at epektibong kagamitang pampagtuturo na awtentiko, malinaw, may panloob na kahalagahan, gamitin, angkop, may kaugnayan sa tunay na buhay, orihinal, may taglay na kaluguran, at may impak. Pinatotohanan ng kasalukuyang pananaliksik na sa pagbabagong naganap sa sistema ng edukasyon dulot ng pandemya, naging daan ang integrasyon ng teknolohiya, na gumagamit ng multimedia, para maipagpatuloy ng mga guro ang pagtuturo at pagbibigay ng de-kalidad na edukasyon sa mga mag-aaral. Kahawig ng pag-aaral nina Jaja, et al. ukol sa "Technology Use in Fable Text Teaching Materials and its Use in Secondary Schools" na "binigyang-diin ang pagkamit sa layuning mapapagtagumpayan ang paghihirap ng mga guro sa pagsasama ng edukasyon sa pagpapakatao at pagkatuto ng wikang Indonesian, ang pag-aaral na ito ay makapag-ambag ng mga kagamitang pampagtuturo na angkop at gamitin hindi lamang sa pag-aaral na harapan, kundi gayon din sa makabagong kadawyan ng edukasyon, na *flexible* at *blended."*

## Ang Disenyo ng e-Pabula bilang Awdyo-Biswal na Kagamitang Pampagtuturo

Sinuri rin sa pag-aaral ang kaangkupan ng disenyo ng mga nilikhang e-pabula bilang mga awdyo-biswal na kagamitang pampagtuturo, gaya ng kaangkupan ng: (1) haba ng bidyo para sa maayos na pagtanggap (sensory memory), pagproseso (working memory), at pagpapadala (long-term memory) ng impormasyon; (2) mga impormasyong inilahad tungkol sa paksa; (3) pagkakalahad ng mga konsepto tungkol sa paksa; (4) mga layuning binalangkas sa konseptong inilalahad sa bidyo; (5) ginamit na mga elementong awdyo (hal., *background music*) sa kabuuang presentasyon ng bidyo; (6) ginamit na mga elementong biswal (hal., larawan, ilustrasyon, *icons*) sa kabuuang presentasyon ng bidyo; (7) ginamit na mga signal o *cues* upang bigyang-diin ang mahahalagang bahagi ng paksa; (8) estilo sa pagsasalita upang mahikayat ang atensiyon at pagiging aktibo ng mga mag-aaral; (9) ginamit na mga elemento tulad ng pagtatanong at panghihikayat na mag-isip upang maging interaktibo ang pagtuturo at pagkatuto; at (10) inilalahad na mga nilalaman at konsepto na malinaw at nagpapakita ng kahusayang pangkomunikasyon ng mga tagapagsalaysay.

Lumabas sa pagpapasuri sa disenyo ng e-pabula bilang kagamitang pampagtuturo na ang mga tagapagsuri ay **lubos na sumasang-ayon** na angkop ang disenyo ng mga e-pabula bilang isang kagamitang awdyo-biswal batay sa nakuha nitong kabuuang mean na 4.59. Ito ay kabuuan ng mga weighted mean na nakuha ng 10 e-pabula sa 10 aytem ng talatanungan

ukol sa disenyo nito gaya ng: 4.73 para sa aytem 1 na nangangahulugang ang mga ebalweytor ay **lubos na sumasang-ayon** sa kaangkupan ng haba ng bidyo para sa maayos na pagtanggap, pagproseso, at pagpapadala ng mga impormasyon. **Lubos na sumasang-ayon** din ang mga ebalweytor sa aytem 2 na nagsasaad na angkop at wasto ang impormasyon na inilahad tungkol sa paksa ng mga e-pabula sa nakamit nitong weighted mean na 4.73.

**Lubos ding sinasang-ayunan** ng mga ebalweytor ang aytem 3 na nakakuha ng weighted mean na 4.69 na ukol sa kaangkupan ng pagkakalahad ng mga konsepto tungkol sa paksa na sinasalamin ng isang komento sa e-pabulang "Ang Uwak na Mandaragit" na "dagdag puntos ang pagsali ng mga implikasyong kultural dahil angkop ito sa isinusulong na *culture-based education* ng DepEd"; weighted mean na 4.66 para sa aytem 4 ukol sa kaangkupan ng layunin ng pagkakabalangkas ng bawat konseptong inilahad sa mga e-pabula; 4.53 para sa aytem 7 ukol sa kaangkupan ng ginamit na mga signal o cues upang bigyang diin ang mahahalagang bahagi ng paksa; 4.76 para sa aytem 9 na nangangahulugang ang tagapagsalaysay ay gumagamit ng pagtatanong at panghihikayat na mag-isip upang maging interaktibo ang pagtuturo at pagkatuto; at 4.56 para sa aytem 10 na nangangahulugang may kalinawan at kahusayang pangkomunikasyon ang mga tagapagsalaysay sa dinisenyong e-pabula.

Nangangahulugang **sang-ayon** din ang mga ebalweytor sa natamong weighted mean ng mga e-pabula para sa aytem 5 na 4.36 ukol sa kaangkupan ng mga ginamit na elementong awdyo sa kabuuang presentasyon ng mga e-pabula. Ang aytem 6 ay nagtamo ng weighted mean na 4.46 o **sang-ayon** ang mga ebalweytor na gumamit ng larawang angkop at malinaw ang e-pabula; at sa aytem 8 na 4.49 o **sang-ayon**, na gumagamit ng masigla at kombersasyonal na estilo ang tagapagsalaysay ng e-pabula upang mahikayat ang atensiyon at pagiging aktibo ng mga mag-aaral. Malinaw naman sa mga komentong ibinigay ng mga ebalweytor sa halos lahat ng mga e-pabula ang kaangkupan ng mga elementong awdyo at biswal na ginamit sa pagbubuo ng kagamitan katulad ng na komentong "malinaw at angkop ang musika at mga larawang ginamit ng e-pabulang "Si Janitor Fish at ang ibang Isda."" Ginamit naman ng mga mananaliksik ang mga komentong katulad ng "masyadong mabilis ang pagsasalita ng tagapagsalaysay, sikaping magkatugma ang pagsasalaysay sa pangyayari sa animasyon, atbp." sa ibang e-pabula upang higit na mapaunlad ang mga ito.

Ang natuklasan sa pagsusuri ng disenyo ng mga nabuong e-pabula ay umagapay sa natuklasan nina Almara'beh, et al., na "ang multimedia gaya ng naihandang e-pabula ay isang mahusay na aparatong pang-edukasyon" (762). Ito ay magpapaunlad sa proseso ng pagtuturo-pagkatuto sa pamamagitan ng mas interaktibong ugnayan ng mga guro at mga mag-aaral. Ang katulad na dinisenyong kagamitan ay isang paraan upang gawing mas dinamiko at mas naaangkop ang pag-aaral sa loob at labas ng silid- aralan .

## Ang Pilot na Paggamit ng mga e-Pabula

Pagkatapos maipaebalweyt ang kaangkupan at pagkagamitin, maging ang disenyo ng sampung e-pabula bilang mga awdyo-biswal na kagamitang pampagtuturo, nirebisa ang mga ito sang-ayon sa mga komento at suhestiyon ng mga tagapagsuri. Pagkatapos marebisa ang mga e-pabula, isinagawa ng mga mananaliksik ang pilot na paggamit ng mga e-pabula. Isinakatuparan ang pilot na paggamit ng mga e-pabula upang lubos na malaman kung totoong ang mga kagamitang ito ay angkop, gamitin, at epektibo sa aktuwal na klase.

Pagkatapos ng pagtuturo ng mga e-pabula, tinugunan ng mga gurong tagamamasid sa pakitang-turo ang talatanungan upang malaman ang naging persepsiyon nila sa mga e-pabula na ginamit sa pagtuturo. Ang talatanungan ukol sa e-pabula ay binubuo ng 5 aytem: (1) napataas ang lebel ng motibasyon ng mga mag-aaral sa pakikilahok sa klase sa pamamagitan ng e-pabula, (2) nakatutulong ang mga e-pabula upang makapagpokus ang mga mag-aaral sa talakayan, (3) nagiging mahigpit ang ugnayang guro at mag-aaral gamit ang mga e-pabula bilang lundayan ng talakayan sa klase, (4) nakapagpamalas ng mataas na lebel ng pang-unawa ang mga mag-aaral sa paksa ng mga e-pabula, at (5) nagiging magaan at kasiya-siya ang daloy ng pagtuturo at pagkatuto gamit ang mga e-pabula. Ang natamong weighted mean ng bawat aytem ay binigyang interpretasyon gamit ang batayan ng interpretasyon na: 3.00–4.00 (lubos na sumasang-ayon), 2.00–2.99 (sang-ayon), 1.00–1.99 (hindi sang -ayon), at 0.00–0.99 (lubos na hindi sumasang-ayon).

Lumabas na sa pakitang-turo gamit ang mga e-pabula, **lubos na sumasang-ayon** ang mga gurong tagamasid na ang mga e-pabula ay nagpataas ng lebel

ng motibasyon ng mga mag-aaral sa pakikilahok sa klase sa nakuha nitong weighted mean na 4.00. **Lubos na sumasang-ayon** din ang mga gurong tagamasid na sa pamamagitan ng mga e-pabula, nakapagpokus ang mga mag-aaral sa talakayan sa weighted mean na 4.00. L**ubos na sumasang-ayon** din para sa pagkakaroon ng mahigpit na ugnayang guro at mag-aaral gamit ang mga e-pabula bilang lundayan ng talakayan sa klase sa weighted mean na 3.70; at **lubos na sumasang-ayon** na ang mga e-pabula ay nakatutulong upang magiging magaan at kasiya-siya ang daloy ng pagtuturo at pagkatuto sa weighted mean na 4.00.

Sa isang banda, ang mga e-pabula na ginamit sa pilot o field testing ay nakakuha ng kabuuang weighted mean na 3.68 o **lubos na sumasang-ayon** sa lahat ng aytem ukol sa bisa ng mga e-pabula na ginamit sa pagtuturo. Nagpapahiwatig ang natamong weighted mean mula sa persepsiyon ng mga mag-aaral at ng mga gurong tagamasid sa field testing ng mga e-pabula, na natamo ang layunin ng pagbuo ng e-pabula bilang isang mabisang awdyo-biswal na kagamitang pampagtuturo sa ikapitong baitang. Tumutugon ito sa pangangailangan sa mga tuntunin ng pagtuturo, "ang pagsasanay ng guro sa onlayn na pagtuturo, pinaghalo na pag-aaral at pag-aaral ng distansya ay inirerekomenda rin upang maiakma sa bagong *format* ng pagtuturo"( Toquero 3). Ang mga kakayahan ng guro sa parehong pedagohiya at teknolohiya ay dapat na palakasin.

Bilang triyanggulasyon ng nakuhang datos, tiningnan din ng mga mananaliksik ang kinalabasan ng mga nakuhang marka ng mga mag-aaral sa mga inihandang *worksheet* sa bawat pagtuturo gamit ang e-pabula. Sa pangkalahatan, apat sa dalawampu't limang mag-aaral ang hindi pumasa dahil sa isyu na rin sa koneksiyon ng Internet kaya malimit ang pagkatanggal sa *Google Meet* kaya nakakuha ng mababang marka ang mga mag-aaral. Ibig sabihin, 16% sa mga mag-aaral ang hindi pumasa habang 84% naman sa mga mag-aaral ang pumasa. Ang bahagdan ng mga mag-aaral na nakapasa ay lagpas sa 75% na antas ng kahusayan batay sa K to 12 Basic Education Curriculum ng DepEd. Nangangahulugan lamang ito na ang mga mag-aaral ay lubos na natututo at naging epektibo ang paggamit ng sampung e-pabula bilang kagamitang pampagtuturo ayon na rin sa pasadong markang natamo. Ang natuklasang ito ay nangangahulugang ang paglipat sa bagong normal, mula sa apat na sulok ng silid-aralan hanggang sa mga hangganan ng *virtual reality*, kaya "ang bawat institusyon ng edukasyon ay kailangang pag-aralan kung gaano katagumpay ang onlayn na pag-aaral sa pagbibigay ng dekalidad na edukasyon at batay sa natutunan ng mga mag-aaral" (Basilaia and Kvavadze 7) .

## KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Tunguhin ng pag-aaral na ito na makalikha ng kompendiyo ng mga e-pabula bilang mga kagamitang awdyo-biswal sa pagtuturo sa ikapitong baitang gamit ang mga orihinal na pabula mula sa piling lokalidad ng Caraga. Nakalikha ang mga mananaliksik ng sampung e-pabula mula sa napiling mga pabula mula sa rehiyong Caraga.

Ang mga e-pabulang nabuo ay ibinatay sa *redundancy principle* na siyang ikaanim na prinsipyo sa Multimedia Learning ni Mayer na nagsasaad na ang mga mag-aaral ay higit na natututo mula sa animasyon at pagsasalaysay kaysa animasyon, pagsasalaysay, at on-screen na mga text. Dahil dito, naging limitado ang mga e-pabula sapagkat ang mga mag-aaral na may problema sa pandinig at nakatira sa maiingay na lugar ay maaaring maapektuhan hindi lamang ang interes nila sa panonood kundi maging ang proseso ng kanilang pagkatuto.

Napatunayan sa pag-aaral na ang kompendio na binubuo ng 10 e-pabula ay angkop ang disenyo, gamitin, at epektibo bilang kagamitang pampagtuturo. Pinapatunayan nito na may positibong pagbabago sa performans ng mga mag-aaral at itinuturing na epektibong estratehiyang gamitin at kapaki-pakinabang ang paggamit ng mga digital na kagamitan gaya ng natuklasan sa pag-aaral nina Salazar at Larenas. Masasabing ang mga e-pabula ay gamitin at epektibo bilang kagamitang pampagtuturo at angkop din ang disenyo nito bilang isang kagamitang pampagtuturo sa ikapitong baitang batay sa pagtatayang isinagawa. Pinatunayan nito na mabisa ang mga *digitized* na instruksiyonal na materyal sa pagpapaunlad ng performans ng mga mag-aaral kagaya sa natuklasan ni Aquino. Ang naging ebalwasyon ng mga ebalweytor ay nakapagpatibay sa naging kinalabasan ng field testing na ang persepsiyon ng mga guro at mag-aaral, gayundin ang natamong lebel ng kahusayan ng mga mag-aaral, ay kapuwa sumasang-ayon sa taglay na bisa ng mga e-pabula sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Napatunayan ding makatutulong ang mga

e-pabula upang magiging mas interaktibo ang talakayan sa klase at magkaroon ng mas makahulugang pagkatuto ang mga mag-aaral. Mas magiging malawak din ang saklaw ng pagkatuto dahil hindi lamang nito saklaw ang pagkatuto sa nilalaman ng akda, bagkus nilalaman din nito ang mga kultural na implikasyon na nararapat na maisaisip ng mga mag-aaral sa kasalukuyan upang higit na mapahalagahan ang sariling pagkakakilanlan na makikita sa mga akda.

Sa pamamagitan ng kompendiyo, mapagagaan din ang pagpapadaloy ng guro sa klase dahil may dagdag na hanguan ng resorses ng pagtuturo na gagamitin hindi lamang sa pagtuturo ng panitikan kundi ay magagamit din sa pagtuturo ng iba pang makrong kasanayan sa wika. Kalakip din sa binuong kompendiyo ang teksto ng mga pabulang ginamit na nakasulat sa orihinal nitong wika na maaaring magamit ng mga guro na nagtuturo ng mother-tongue sa Caraga at mga lugar na angkop ang mga wikang pinaghanguan ng mga pabula. Nilalaman din ng bawat e-pabula ang mga pagpapahalaga kaya maaring gamitin ang mga e-pabula sa integrasyon ng edukasyon sa pagpapakatao sa lahat ng mga aralin.

Sa kabilang banda, sa tulong ng integrasyon ng teknolohiya sa pagbubuo ng kompendiyo ay nagkaroon ng mas mabisang pagtatala ng mga orihinal na panitikang maaaring sinusubok na ng panahon at malapit nang malimutan. Ito ay isang hakbang na magbubunsod sa iba pang mananaliksik na bigyang pansin ang pagkalap ng mga oral na panitikang hindi pa naitatala bilang paraan ng preserbasyon ng mga ito. Tunay na malawak ang naaabot ng teknolohiya partikular ang paggamit ng Internet sa paghahatid ng impormasyon. Kaugnay nito, nakita ng mga mananaliksik ang isang makabuluhang ambag ng pagbubuo ng kompendiyo ng mga kagamitang katulad ng mga e-pabula bilang promosyon ng panitikang taglay ng pook na pinaghanguan. Ito ay isang makabagong paraan ng pagsasalindunong at pagpapayaman ng panitikang Filipino.

Naging limitasyon ng pananaliksik ang paggamit lamang ng isang uri ng akdang pampanitikan—mga pabula. Dahil dito, naging limitado ang mga akdang pampanitikan na kapupulutan ng aral at maaaring pumukaw sa interes ng mga mag-aaral.

Isang limitasyon din ang pagpokus lamang sa mga kaalamang bayan mula sa Caraga. Bukod dito, tanging ang mga lalawigan lamang ng Surigao de Sur, Agusan del Sur, at Agusan del Norte ang naisama sa pananaliksik kaya hindi naitampok ang ibang pabula sa dalawa pang probinsiya ng Caraga—ang probinsiya ng Surigao del Norte at Dinagat Islands.

Dagdag pa, dahil sa pandemya, ang pagsasagawa ng ganitong uri ng pag-aaral ay nangangailangan ng malakas at mapananaligang koneksiyon sa Internet dahil onlayn ang lahat ng naging komunikasyon sa pag-aaral. Ito ay kaiba sa inaasahan ng mga mananaliksik sa kanilang ginawang pilot na paggamit ng mga e-pabula dahil sa sobrang bagal ng koneksiyon sa Internet na nagresulta sa hindi gaanong mataas na marka ng ilang mag-aaral sa pagsagot ng kanilang worksheets.

Sa tanglaw ng mga natuklasan sa pag-aaral, inirerekomenda ang paggamit ng kompendiyo ng mga e-pabula bilang suplemento sa pagtuturo sa ikapitong baitang, sa harapang pagtuturo at pagkatuto maging sa *distant learning.* Kung gagamitin man ito sa klase, mas makabubuti kung ibibigay ang sipi ng mga e-pabula sa mga mag-aaral bago pa man ang klase upang masiguro na ito ay maayos na napanood lalo pa kung ang klase ay onlayn. Kung nais na magsagawa ng kaparehong pananaliksik, inirerekomenda na hindi lamang mga pabula ang maging pokus na siyang nakitang limitasyon sa kasalukuyang pag-aaral. Galugarin ang paglikha ng mga digital na bersiyon ng mga kalamang bayan hindi lamang yaong nanggaling sa iilang lalawigan ng Caraga. Ang pagpapalawak sa saklaw na lalawigan ay lalo pang magpapayaman sa kaban ng kaalaman na magiging gamitin sa pagtuturo sa bagong kadawyan ng edukasyon.

## SANGGUNIAN


Alipio, Mark. "Education during Covid-19 ERA: Are Learners in a Less-Economically Developed Country Ready for e-Learning?" *SSRN Electronic Journal*, 2020, doi:10.2139/ssrn.3586311. Accessed 16 March 2023.

Almara'beh, Hilal, et al. "The Effectiveness of Multimedia Learning Tools in Education." *International Journal of Advanced Research in Computer Science and Software Engineering*, vol. 5, no. 12, 2015, pp. 761–764. https://www.researchgate.net/publication/290429349.

Aquino, Janice S. "Digitized Instructional Materials in the Performance of Grade 9 Learners in Technology and Livelihood Education." *San Carlos College Research Journal*, vol. 1, 2019. doi:10.5281/zenodo.3633447.

Basilaia, Giorgi, and David Kvavadze. "Transition to Online Education in Schools during a SARS-COV-2 Coronavirus (COVID-19) Pandemic in Georgia." *Pedagogical Research*, vol. 5, no. 4, 2020, pp. 1–9. doi:10.29333/pr/7937.

Brame, Cynthia J. "Effective Educational Videos: Principles and Guidelines for Maximizing Student Learning from Video Content." *CBE—Life Sciences Education*, vol. 15, no. 4, 2017, pp. 1–6.https://doi.org/10.1187/cbe.16-03-0125.

Education Links. "*The Importance of Accessible Learning Materials*." USAID, Web. 7 Feb. 2020. www.edu-links.org/learning/importance-accessible-learning-materials

Hussain, I. "Pedagogical Implications of VARK Model of Learning." *Journal of Literature, Languages and Linguistics,* vol.38, 2017, pp. 33-37. https://www.researchgate.net/publication/337274707.

Jaja, et al. "Technology Use in Fable Text Teaching Materials and Its Use in Secondary Schools." *International Journal of Innovation, Creativity and Change*, vol. 13, no. 3, 2020, pp. 1217–1233. https://www.ijicc.net/images/vol_13/Iss_3/13397_Jaja_2020_E_R.pdf.

Joan, Robert. "Flexible Learning as New Learning Design in Classroom Process to Promote Quality Education." *i-Manager's Journal on School Educational Technology*, vol. 9, no. 1, 2013, pp. 37–42. doi:10.26634/jsch.9.1.2401.

Kriegel, Jessica. "Differences in Learning Preferences by Generational Cohort: Implications for Instructional Design in Corporate Web-Based Learning." Diss. Drexel University, 2013. *Https://Core.Ac.Uk/*. Accessed 17 Dec. 2021.

Mayer, Richard E. "Introduction to Multimedia Learning." The Cambridge Handbook of Multimedia Learning, edited by Richard E. Mayer, *2nd ed.* Cambridge University Press, 2014.

McCombes, Shona. "Descriptive Research Definition, Types, Methods & Examples." *Scribbr*, 15 Oct. 2019, www.scribbr.com/methodology/descriptive-research/.

Salazar, Gemalli Ulloa and Claudio Díaz Larenas. "Using an Audiovisual Materials-Based Teaching Strategy to Improve EFL Young Learners' Understanding of Instructions." *HOW*, vol. 25, no. 2, 2018, pp. 91–112. doi:10.19183/how.25.2.419.

Sweller, John. "Cognitive Load Theory, Learning Difficulty, and Instructional Design." *Learning and Instruction,* vol. 4, 1994, pp. 295–312. https://doi.org/10.1016/0959-4752(94)90003-5

Toquero, Cathy Mae. "Challenges and Opportunities for Higher Education amid the COVID-19 Pandemic: The Philippine Context." *Pedagogical Research*, vol. 5, no. 4, 2020, pp. 1–5. doi:10.29333/pr/7947.

Tomlinson, Brian, editor. *Materials Development in Language Teaching*. 2nd ed. Cambridge University Press, 2011.